Taong panuruan 2026/2027

Serbisyong pangkalusugan sa paaralan sa Kviteseid

Kung may bumabagabag sa iyo o may tanong ka tungkol sa katawan mo, puwede kang dumaan. Narito ang mga serbisyo para sa mga mag-aaral, magulang at tagapag-alaga ngayong taong panuruan 2026/2027.

Kailan puwedeng dumaan nang walang appointment?

Sa Kviteseid skule, puwede kang dumaan nang walang appointment tuwing Huwebes mula alas-9 ng umaga hanggang alas-2 ng hapon.

Libre ang klinika para sa mga kabataang edad 13 hanggang 20. Ayon sa polyeto para sa taong panuruang ito, bukas ito tuwing Martes, alas-2 hanggang alas-3:30 ng hapon, sa ikalawang palapag ng sentrong pangkalusugan. May doktor sa mga linggong may numerong gansal sa kalendaryo. Iba ang oras na nakalagay sa website ng munisipalidad. Kung gusto mong tiyakin ang oras ng pagbubukas o malaman kung kailan puwedeng magpatingin sa doktor, maaari mong tawagan si Ingunn.

Granlivegen 1A, 3850 Kviteseid
90 68 61 59

Sino ang makikilala mo?

Ingunn Birkeland

Si Ingunn Birkeland ay nars na may karagdagang pagsasanay sa pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan at cognitive therapy. Nakikipagtrabaho siya sa mga mag-aaral mula unang baitang hanggang sa itaas na antas ng sekundarya, at sa klinika para sa kabataan.

90 68 61 59
ingunn.birkeland@kviteseid.kommune.no

Margareth Heggtveit Steinbakk

Si Margareth Heggtveit Steinbakk ang punong nars sa pampublikong kalusugan na namamahala sa mga batang mula pagsilang hanggang limang taong gulang. Tumutulong din siya sa serbisyong pangkalusugan sa paaralan kapag kailangan.

97 17 64 54
margareth.heggtveit.steinbakk@kviteseid.kommune.no

Paano ka namin matutulungan?

Puwede mo kaming makausap nang sarilinan tungkol sa katawan at pagdadalaga o pagbibinata, mga iniisip at nararamdaman mo, alak at droga, relasyon at seksuwalidad. Nagbibigay kami ng mga pagsusuri sa kalusugan at bakuna, pati mga talakayang panggrupo tungkol sa kalusugang pangkaisipan, pagkain at ligtas na paggamit ng internet. Katuwang namin ang paaralan sa pagtiyak na ligtas at maayos ang kalagayan ng mga mag-aaral.

Programa ng serbisyong pangkalusugan sa paaralan para sa 2026/2027

Lahat ng baitang – impormasyon tungkol sa pag-iwas sa sakit, pagsusuri ng paningin at pandinig kung kailangan, at gabay o pag-uusap nang sarilinan o panggrupo. Maaaring hilingin ng mga mag-aaral, magulang, tagapag-alaga o paaralan na magturo ang pangkat pangkalusugan o dumalo sa pulong ng mga magulang.

Baitang 1 – pagpapatingin sa sentrong pangkalusugan ng mga bata sa pagsisimula ng pag-aaral. Kasama ng bata ang magulang o tagapag-alaga. Kasali rin sa pagsusuri ang doktor at physical therapist.

Baitang 2 (7–8 taong gulang) – iniaalok ang bakuna laban sa dipterya, tetano, ubong-dalahit at polyo (DTP-IPV).

Baitang 3 – pagsukat ng tangkad at timbang.

Baitang 5 – aralin tungkol sa pagbibinata at pagdadalaga at talakayan sa magkahiwalay na grupo ng mga babae at lalaki.

Baitang 6 (11–12 taong gulang) – iniaalok ang bakuna laban sa tigdas, beke at rubella (MMR).

Baitang 7 (12–13 taong gulang) – iniaalok ang dalawang dosis ng bakuna laban sa HPV upang makatulong na maiwasan ang kanser na dulot ng human papillomavirus.

Baitang 8 – sarilinang pag-uusap tungkol sa kalusugan at pagsukat ng tangkad at timbang.

Baitang 9 – aralin tungkol sa mga relasyon, seksuwalidad at pagpipigil sa pagbubuntis.

Baitang 10 (15–16 taong gulang) – iniaalok ang bakuna laban sa dipterya, tetano, ubong-dalahit at polyo (dTp-IPV).

Ipinadadala sa bahay ang impormasyon tungkol sa bakuna at ang pormularyo ng pahintulot. Kailangan ng pirmadong pahintulot bago ibigay ang bakuna.

Kapag sarado ang klinika

Alarmtelefonen – helpline para sa mga bata at kabataan	**116 111**	Magpadala ng SMS	**417 16 111**
Kors på halsen – kausapin ang isang boluntaryo ng Norwegian Red Cross			**800 33 321**
Doktor na naka-duty kung hindi na makapaghihintay ang pagpapagamot			**116 117**
Emerhensiyang medikal kung may panganib sa buhay			**113**

Pahina ng munisipalidad tungkol sa serbisyong pangkalusugan sa paaralan